TOMO 9 BILANG 3 | ISSN NO. 2599-5405 | MARSO 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI




*Sa pamamagitan ng mga outlet ng CARD Sulit Padala sa buong bansa, ang mga kliyente ng CARD MRI ay maaari nang magpadala ng pera direkta sa CARD savings account ng kanilang mga mahal sa buhay saanman sa Pilipinas.*

## CARD SULIT PADALA, IPINAKILALA ANG SERBISYONG REMIT TO DEPOSIT

*ni Lynfa Tan*

Ipinakilala ng CARD Sulit Padala ang bago nitong serbisyo na *remit to deposit* upang maiwasan ang mahabang pila at maghatid nang mas mabilis na transaksyon sa mga kliyente nito.

Sa pamamagitan ng CARD Sulit Padala, ang mga kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI RIZAL BANK ay maaari na ngayong magpadala ng kanilang pera diretso sa CARD *savings account* ng kanilang mga mahal sa buhay sa anumang CARD Sulit Padala *outlets* sa buong bansa.

Umaasa si CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito na ang bagong serbisyo ng CARD Sulit Padala ay makatutulong sa mga kliyente ng CARD MRI na magkaroon nang mas mahusay at mas mabilis na transaksyong pagbabangko.

Binanggit din ni Dequito na sa mga karagdagang *outlet* ng CARD Sulit Padala, madali nang maaakses ng mga kliyente ang mga

2

## CARD-BDSFI, NAGDIWANG NG IKA-14 NITONG ANIBERSARYO

*ni Lynfa Tan*

Ipinagdiwang ng CARD-Business Development Services Foundation, Inc. (CARD-BDSFI), ang *marketing,*

3

KWENTONG TURISMO

## HIJOS TOURS, HANDA NG TUMANGGAP NG IN-PERSON TOUR NGAYONG 2022

2

KWENTONG PANG-EDUKASYON

## CMDI, INILUNSAD ANG E-LIBRARY NITO

2

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **P50.00** load via konek2CARD!

**Saan ginanap ang Hijos Tree Planting Activity?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CARD SULIT PADALA, IPINAKILALA ...

1

serbisyong pampinansyal ng CARD MRI, alinsunod sa pagusulong nito ng *financial inclusion* at ang misyon nitong sugpuin ang kahirapan sa bansa.

Sa halos 1,500 *outlet* ng CARD Sulit Padala sa buong bansa, ang mga kustomer ay maaari ng magpadala at tumanggap ng pera mula sa kanilang mga mahal sa buhay nang maginhawa.

KWENTONG TURISMO

## HIJOS TOURS, HANDA NG TUMANGGAP NG IN-PERSON TOUR NGAYONG 2022

*ni Lynfa Tan*

Sa gitna ng mga hamong dala ng pandemya sa industriya ng turismo, unti-unti ng bumabangon ang mga *tourism enterprises* ngayong Marso 2022. Nang ibaba ang *alert level* sa buong bansa, mas naging madali na rin ang pagkuha ng mga kailangang dokumento sa paglalakbay. Mas naging positibo ang pananaw ng Kagawaran ng Turismo sa progresong ito dahil muling magbubukas ang mga oportunidad sa turismo at makatutulong ito upang muli silang makabangon mula sa epekto ng COVID-19.


Ang CARD MRI Hijos Tours, isang *tour operator* na naka-base sa San Pablo City, Laguna at kasaping institusyon ng CARD MRI, ay isa sa mga kompanyang muling nagbukas ng *in-person tours* sa mga manlalakbay nito.

Nitong Marso 19, 2022, nagsagawa ng *in-person tour* ang Hijos Tours para sa kanilang Cocina de San Pableños

3

## KOA, SINIMULAN NA ANG PAGLIPAD SA SAN PABLO, LAGUNA

*ni Victor Angelo Aranza*



*Si Psalmantha, isa sa mga batang dumalo sa KOA Kafe, ay matiyagang kinukulayan ang kaniyang Ang Lapis ni Anya coloring book. Mabibili ito sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House.*

Umarangkada na sa paglipad si KOA, ang opisyal na maskot ng CARD MRI Publishing House, patungo sa mga komunidad ng CARD MRI. Isinagawa ang unang paglipad nito sa isang KOA Kafe Pop-up Event sa CARD Bank Barleta Branch noong Marso 25, 2022.

Layunin nito na ipakilala ang mga nailimbag na pahayagan ng institutsyon. Namigay ng peryodikong Sulong ang KOA Squad sa publiko upang maipabasa ang mga kwentong pangkaunlaran na ginagawa ng CARD MRI. Ang iba pang nailathala ng institusyon tulad ng Microfinance and Beyond at CARDventures travelogue ay maaari ding mabasa ng mga nagsipagdalo sa naturang *pop-up event* habang mayroon ding inihahatid na libreng kape at Indomie

4

KWENTONG PANG-EDUKASYON

## CMDI, INILUNSAD ANG E-LIBRARY NITO

*ni Lynfa Tan*

Ayon sa isang *nationwide survey* na isinagawa ng Movement for Safe, Equitable, Quality, and Relevant Education (SeQuRe) noong Marso 2021, 53% ng ating mga estudyante ay hindi tiyak kung matutugunan nila ang mga kinakailangan para sa *online learning*.

Tatlong bagay ang malinaw mula sa datos na ito: Una, ang *distance learning* ay isang hamon para sa karamihang mag-aaral sa Pilipinas.

Ikalawa, ang *distance learning* ay hindi para sa lahat. Sa kabila ng katotohanan na maraming mga magulang ang nagsisikap na tulungan ang kanilang mga anak, nagbago na ang panahon. Ang paraan ng pagtuturo ay umunlad at ang mga ina ay napag-iiwanan ng teknolohiya.

Panghuli, inilalayo ng *distance learning* ang mga mag-aaral mula sa mga silid-aklatan kung saan matatagpuan ang mga mapagkakatiwalaang *resources*.

Habang tinutugunan ng CARD MRI ang una at pangalawang suliranin sa pamamagitan ng patuloy na pagbibigay ng akses sa mga *cellphone loan* at pagbibigay ng *online* na pagsasanay sa mga ina at mag-aaral, ang CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) ay tumutupad din sa kanilang tungkulin na makapagbigay ng akses sa *online resources* sa pamamagitan ng pagbubukas ng kauna-unahang *e-Library* nito noong Pebrero 22, 2022 upang matulungan ang mga mag-aaral sa *new normal*.

Ang e-Library ng CMDI ay ang unang *online library* ng CARD MRI na nagbibigay ng akses sa mga materyales sa pagbabasa saanman at kailanman gamit ang mga *electronic device* at *internet*.

Ang CMDI e-Library ay naglalaman ng mga aklat, partikular sa pananaliksik, *thesis*, at iba pang pangangailangang pang-akademiko ng mga mag-aaral at kawani nito.

## CARD-BDSFI, NAGDIWANG ...

*product development, at agricultural arm* ng CARD MRI, ang ika-14 na anibersaryo nito.

Ayon sa President at CEO ng CARD-BDSFI na si Frederick Nicasio M. Torres, patuloy ang pagtulong nito sa mga kliyente nito, lalo't higit sa mga magsasaka.

Bukod sa paglikha ng mga ugnayan at pakikipagtulungan sa iba't ibang pribadong ahensya, mga yunit ng gobyerno, at mga lokal na komunidad, pinapalawak ng CARD-BDSFI ang paggamit ng mga *digital platform* nito tulad CARD-BDSFI Organic Demo Farm Facebook page upang hikayatin ang *online community* na subukan ang simpleng organikong pagsasaka sa tahanan.

Mula Hulyo 2021, ang CARD-BDSFI ay nagbibigay ng impormasyon sa *backyard farming* sa pamamagitan ng Agri-Kaalaman *webinar series* nito upang isulong ang *sustainable food production* at tulungan ang komunidad na magsimula ng kanilang sariling negosyo.

Dagdag pa rito, ibinahagi rin ni Torres ang pagsulong ng kanilang *farm development* sa Bay, Laguna.

Sa patuloy na paghangad nito upang matulungan ang mga *farmer-producers*, *input sellers*, at *buyers*, bumubuo rin ang CARD-BDSFI ng isang *agri-mobile application* na tinatawag na "Farmex" na naglalayong tulungan ang mga magsasaka na bumili ng mga pataba at iba pang mga gamit sa pagsasaka gamit ang *digital platform*.

"Ilan lamang ito sa aming mga inobasyon upang hikayatin ang aming mga kliyente, lalo na ang mga kliyenteng magsasaka ng CARD MRI, na sumulong kasama ng aming mga bagong nabuong teknolohiya. Dito sa CARD-BDSFI, nais din naming bigyan ng pag-asa ang aming mga kliyente na sa gitna ng tagtuyot, darating din ang panahon ng isang masaganang ani, tulad ng pagsasaka," pagtatapos ni Torres.


Ang CARD-BDSFI ay isa sa mga institusyon ng CARD MRI na tumutulong sa mga kliyente na magkaroon ng akses sa merkado, pagsasanay, at seminar sa negosyo, pati na rin ang pagbuo ng produkto at promosyon para sa mga kliyente nito.

Kilala rin ang CARD-BDSFI sa pagtulong sa mga

4

## HIJOS TOURS, HANDA NG ...

2



*Ang Hijos Tours sa isang heritage tour na kabilang sa kanilang Cocina de San Pableños Tour.*

Tour. Ang programang ito ay kombinasyon ng isang *heritage tours* na tinatawag na Hijos de Siete Lagos at isang *culinary tour* na nagpapakita ng mga kakaibang pagkain sa lungsod. Nagsimula ang *tour* sa isang suman *demo* na nagpapakita ng kahalagahan ng muling pagsasagawa ng mga pamanang pamamaraan ng pagluluto.

Ang mga kalahok sa nasabing *tour* ay bumista rin sa Sampaloc Lake at St. Paul the First Hermit Cathedral upang matutuhan ang kasaysayan ng lungsod.

Matapos nito, bumisita rin sila sa Forest Wood Garden kung saan natikman nila ang mga kilala at kakaibang pagkain ng restawran.

**Ang Hijos Tours sa New Normal**

Bagamat tumatanggap na ng *in-person tour* ang Hijos Tours, patuloy pa rin itong tumatanggap ng *virtual tours* sa kanilang mga manlalakbay na nais pa ring maranasan ang kanilang Food Tour at Pilgrimage Tour.

Ayon naman kay Hijos Tours President Marilyn M. Manila, malapit na ring magbukas ang mga *in-person heritage tours* ng kompaniya sa Samar-Leyte, Baguio City, Iloilo City, Davao City at Legaspi City.

## KOA, SINIMULAN...

Mi Goreng mula sa Mga Likha ni Inay.

Isa sa mga mahahalagang ginawa sa *pop-up event* na ito ay ang *storytelling activity* para sa mga bata na nakahanay sa adbokasiya ng institutsyon na humubog ng mga mambabasa ng bagong henerasyon. Ang nai-feature na *storybook* ay ang "Ang Lapis ni Anya",

4

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Medel E. Valencia
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Maria Czarina D. Sanigan
Victor Angelo U. Aranza
Lynfa A. Tan
Writers

# WOMEN'S MONTH: A TIME TO CELEBRATE, CHAMPION, UPLIFT



Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

March 8 is International Women's Day, a global celebration of women's social, economic, cultural, and political achievements.

March is also a time to celebrate women in the Philippines. Not surprisingly, it was the country's first woman leader, former President Corazon C. Aquino who issued Proclamation No. 224, declaring the first week of March as Women's Week and March 8 as Women's Rights and International Peace Day.

She also issued Proclamation No, 227, calling for the observance of the Month of March as Women's Role in History Month. In 1990, she signed R.A. No. 6949, declaring March 8 as a working special holiday known as National Women's Day.

So, I start this month by paying homage to all the women leaders of CARD MRI, who for the last 35 years have been working to improve the plight of poor and marginalized women nationwide. I am grateful for the chance to work with all of you, to observe first-hand how you transform people's lives with kindness and hope. You are inspiring change-agents, nurturing and empowering in a way that only women can be. Happy Women's Month to all of you!

I also honor CARD's women members and clients. I have been in rural development work for more than three decades. Throughout, you have been my inspiration and source of strength. There have been many challenges, but every time I go on field and meet the women who comprise the majority of CARD's 7.8 million membership, I am energized.

*To read more, visit https://dailyguardian.com.ph/womens-month-a-time-to-celebrate-champion-uplift/*

## CARD-BDSFI, NAGDIWANG ...

3

kliyente sa pagproseso ng kanilang mga aplikasyon sa Department of Trade and Industry, Barangay Micro Business Enterprise, at Food and Drug Administration, at iba pa.

## KOA, SINIMULAN...

3

isang *coloring book* na nagtuturo nang mahusay na paggamit ng mga *gadget* sa mga bata.

Ang "Koa the Kwago" ay hango mula sa Philippine Eagle Owl kung saan madalas na naiuugnay sa karunungan at pagkakaroon ng mahusay na obserbasyon, mga kaugaliang ipinapakitang halimbawa ng CARD Publishing.

Ang salitang Koa rin ang nangangahulugang matapang, isang katangian ng CARD MRI na pagbibigay ng serbisyo sa komunidad sa kabila ng maraming hamon sa pagtamo ng misyon nito.

Lilipad pa si Koa sa iba't ibang dako ng bansa upang maghatid ng inspirasyon sa mga tao.





Follow
**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**
on his social media accounts!
Jaime Aristotle B. Alip
Jaime Aristotle B. Alip
@cardmrifounder
@cardmrifounder